UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP

# 38

## Be Strong, Take Courage

PSALM 31:24

FEBRUARY 23, 2025

UCF Sanctuary, Parañaque City

★ UCF GROUP OF MINISTRIES ★

UCF GROUP OF MINISTRIES



## HISTORY


Man Called by God: The Calling of Rev. Dr. William Sy Childhoold, Adolescent, Professional **3**

Missionary Journeys **4**

Second Covenant **5**

Church Services **7**




## EVANGELISM


Sunday Worship Service **8**

Misyon **9**

Medical-Dental-Optical Outreach Mission **13**

Pamaskong Handog **17**

Gift Giving and Education Outreach **19**

Hit & Run **20**

Calamity Outreach **22**

UCF-TV **23**

United Christian Academy **25**

UCACOA **29**

UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center **31**

Music Clinic **33**

Water Baptism **34**




## FELLOWSHIP


Sports Fest **35**

Bible Race **36**

Family Gathering **38**

Fathers' Day & Mothers' Day **40**

Tree Planting, Swimming Fellowship **41**

Pastors' Appreciation Day **42**

Christmas and New Year Celebrations **43**




## TRAINING & DEVELOPMENT


Bible Studies **44**

Leadership Training, Church Seminars, and In-depth Study **45**

Retreats **46**

Covenant Convention **47**

UCF Theological Seminary **48**




## CHURCH INVOLVEMENT


Band, Choir, Dancers **50**

Multimedia, Ushering, Kitchen **51**

Construction and Cleaning **52**

UCF Multi-Purpose Cooperative **53**





## ADS


United Christian Academy

UCA College of Asia

Mt. Tabor Church

Re-Creation Center

Sunday Worship Service

Misyon 2025

Family Camp 2025

# Rev. Dr. William Sy
# LINGKOD NA TINAWAG NG DIYOS





Si Rev. Dr. William Sy o "Kiko" kung tawagin ng kaniyang pamilya ay lumaki kasama ang kaniyang walong kapatid, sa pangangalaga ng kaniyang ama na hindi naniniwala sa Diyos at ng kaniyang ina na lahat naman ay pinaniniwalaang diyos. Ngunit sa pagsisikap ng kaniyang magulang na siya ay pag-aralin sa isang Christian school ay nabigyan siya ng pagkakataong makadalo ng Sunday School at doon ay nataniman ng binhi ng pananampalataya sa Diyos.

> **Bata pa lang ako ay natutuwa na ako sa mga kwento sa Bibliya.**



> **Kapag mayaman na ako, hahanapin Kita [Panginoon].**




> **Sumulat ako ng mga kanta dahil sa inspirasyon mula sa Diyos.**

Dumating ang panahon na nagkasakit at nagkaroon ng maraming komplikasyon si Rev. Dr. Sy dala ng iba't ibang bisyo sa kasagsagan ng kaniyang tagumpay sa larangan ng pagnenegosyo. Sa puntong ito ng kaniyang buhay ay tinig ng Diyos ang humipo sa kaniyang puso na naging dahilan para kaniyang masambit ang pangako niya sa Panginoon.



Nagsimulang sumama sa mga samahan si Rev. Dr. William Sy at doon nagsimula ang kaniyang missionary journey. Iba't ibang liblib at ilang na lugar sa Pilipinas ang dinako niya upang ihayag ang Salita ng Diyos. May kasama man o wala, buo ang kaniyang loob na hanapin ang Diyos at gayundin ay maglingkod sa Kaniya. Ngunit sa kabilang banda ay nagising si Rev. Dr. Sy sa pag-aakalang ang kaniyang grupong sinamahan ay sumusunod sa utos ng Diyos.

> **“Gusto ko hanapin ang Diyos kaya kung ano-ano ang mga sinubukan ko.**

Nagsimulang umusbong ang panambahan. Ang mga tao ay dumagsa sa pagkakakilala kay Hesus. Ngunit sa kabila nito, mga problema ang dumating kay Rev. Dr. Sy. Dahil sa pagtalikod sa paniniwala sa mga santo, marami ang nawalang miyembro at maging mga lider ng panambahan ay niloko siya na nagbigay ng kirot sa puso ng pastor. Ngunit sa puntong ito ay mas napatunayan ni Rev. Dr. Sy ang tawag niya.





Sa kabila ng katagumpayan sa pagnenegosyo at maging sa pagtatayo ng mga townhouse, narinig ni Rev. Dr. Sy ang tawag ng Panginoon. Siya ay nagsimulang magseryoso sa kaniyang pagpapastor. Bagama't ang agarang pagtugon sa tinig ng Diyos ay naging mabigat sa kaniyang puso, dito naman nabuo ang ikalawa niyang covenant sa Panginoon.

> **“Maglilingkod ako sa Iyo Panginoon, but I will not beg.**

Ang UCF na noon ay kilala bilang United Christian Crusade (UCC) ay aktibo rin sa mga krusada na nangyayari sa Kamaynilaan. Kasama rin ni Rev. Dr. Sy ang kaniyang maybahay na si Sis. Dely Sy sa mga gawaing ito bilang pagsuporta sa kaniya bilang pastor. Sa kabila nito, nagpatuloy din si Rev. Dr. Sy sa kaniyang mga negosyo na siyang kilala sa garment business.





*May mga panahong inayawan na rin ni Rev. Dr. Sy ang kaniyang tawag dahil sa iba't ibang malulungkot na pangyayari sa panambahan. Sinabi niya noon na ayaw niya ng mag-pastor. "Ayaw ko na magpatuloy dahil maski ang mga lider ng panambahan ay tumalikod at hindi na nagpatuloy. Ngunit may nangyari sa akin. Isang araw habang ako ay natutulog, may malaking shadow na pumasok sa aking kuwarto. Habang papalapit ito, ang lakas ng kabog ng dibdib ko."*

*Sa isang normal na araw ay nangusap ang Panginoon sa kaniyang lingkod. Hawak ang panulat at papel, isa-isang isinulat ni Rev. Dr. William Sy ang mga pangitaing ibinigay ng Diyos sa kaniya na siyang magaganap sa ministeryo ng UCF. Una riyan ang United Christian Academy (UCA) na magiging gateway of evangelism.*

> ***"Kapag mayaman na ako, hahanapin Kita [Panginoon]."***







*Ang Group of Ministries ay ibinigay din ng Panginoon sa kaniyang lingkod. Ngunit marami ang hindi naniwala sa pastor bagkus ay linisan ang panambahan. Nasambit nila na pangarap lang ito ni Rev. Dr. Sy. Lingid sa kaalaman ng lahat na naririnig at nangungusap kay Rev. Dr. Sy ang Panginoon. "Sabi sa akin ng Panginoon, bakit Ko naman sila kakausapin, ikaw ang lingkod Ko."*

*Nagpatuloy ang mga gawain ng UCF kasama ang ilang manggagawang naiwan. Hindi tumigil si Rev. Dr. Sy na ipangaral ang Salita ng Diyos at sa paglipas ng panahon ay isa-isang naisakatuparan ang bawat minsiteryo, unti-unting nagiging totoo ang bawat pangitain na siyang nagpatunay na buhay at tunay ang Diyos na nagtatag sa panambahan ng UCF.*





*Isa sa mga pangitain na natanggap ni Rev. Dr. Sy sa simulain ng UCF ay ang makukulay na salamin na naghugis aklat. Inakala niya na ito ay direksyong magtayo ng Bible school kaya naman naitayo ang UCF Theological Seminary. Umabot ito sa dalawang taon at nakapagpatapos ng dalawang batch. Ngunit buong pagtataka niya na ang mga manggagawa ay hindi nagpapatuloy sa paglilingkod sa panambahan.*

*Sa pagkakataong ito ay muling nangusap ang Diyos kay Rev. Dr. Sy at malinaw na sinabing academic school ang pinapasimulan sa kaniya. Dito na nagsimula ang pagtatayo ng eskwelahan na siyang naging pinakamalaking konstruksiyon sa ministeryo. Sa kabila ng pinansyal na pangangailangan ay hindi pinagkulang ng Diyos ang UCF bagkus naranasan ang probisyon mula sa Kaniya.*





*Ang UCA ay ang gateway of evangelism kung saan ang mga estudyante at kanilang mga magulang ay may oportunidad na makapakinig ng Salita ng Diyos. Simula sa isang tawag at buhay na binago ng Diyos, sumunod ang maraming buhay na nagnais din na maglingkod sa Kaniya.*

*Sa tatlumpu't walong taon ng UCF ay patotoo rin na tunay at buhay ang Diyos na pinaglilingkuran ni Rev. Dr. William Sy. Ang kadakilaan Niya ay nararanasan ng lahat ng miyembro at manggagawa sa panambahan na nagdesisyon din sumunod at hindi nagdalawang isip na magbigay ng kanilang buhay. Ang hakbang na ito ay tungo sa paggawa sa kalooban ng Panginoon.*



# CHURCH SERVICES

## *Pag-alalay sa buhay ng kapatiran*

Bilang isang pamilya sa Panginoon, ang panambahan ay nagsasagawa ng iba't ibang mga serbisyo para sa pangangailangan ng kapatiran. Sa pamamagitan ng mga ito, sila ay hindi lamang nagagabayan sa kanilang espirituwal na pamumuhay, kung hindi pati sa bawat panahon ng kanilang buhay. Katuwang nila ang pamilya ng UCF mula pagkasilang hanggang sa pag-aasawa at pagtataguyod ng pamilya. Nariyan ang UCF upang umalalay sa mahahalagang yugto ng kanilang buhay.




### Child Dedication

*Sa pagsilang at pagpapalaki ng mga anak, katuwang nito ang desisyon ng mga magulang na ipagkatiwala at ialay ang buhay ng kanilang mga anak sa ating Diyos Ama.*




*Ang pag-iisang dibdib ng dalawang anak ng Diyos ay selebrasiyon ng pagmamahal na kanilang naranasan sa Panginoon at dadalhin sa pagbuo ng isang pamilyang susunod din sa Kaniya.*

### Weddings




### Funeral Services

*Ang pamilya ng UCF ay nakikidalamhati sa ating mga kapatid sa Panginoon na nawalan ng mahal sa buhay. Ibinabahagi rin sa kanilang pamilya ang kaligtasang nagmumula kay Hesus.*

# WORSHIP SERVICES

## *Pagluwalhati sa dakilang Diyos*

Sa templo ng Diyos ay palaging nagsasama-sama ang mga anak ng Panginoon, maging ang mga kaluluwang nauuhaw at nasasabik sa Kaniyang presensiya Ang bawat pagsasama ay nagiging malaking pagdiriwang higit lalo tuwing may kaluluwang nadaragdag sa Kaharian ng Diyos. Kasama ang mga manggagawa ay kinasasangkapan ng Panginoon ang UCF upang higit na maraming kaluluwa ang makalapit sa Diyos. Para sa lahat ng nasumpungan ni Hesus, ang UCF ay laging may bukas na pinto upang mainit na tanggapin ang bawat isang lumalapit sa Diyos.

## Ang Mabuting Balita

### SUNDAY WORSHIP SERVICE

Ilang mga Sunday Worship Service ang ginanap sa iba't ibang lungsod at probinsya ayon sa utos at inspirasyon ng Diyos na humayo at humubog ng mga susunod na disipulo ng Panginoon.



1993 | BIÑAN



1994 | TAGAYTAY



1994 | MUNTINLUPA



2001 | VALLEY 2



2013 | CABUYAO



2019 | PARAÑAQUE





## Pagsunod sa Diyos

### MIDWEEK SERVICE

Kalagitnaan ng linggo ay nagtitipon din ang mga anak ng Diyos upang itaas ang Kaniyang Ngalan sa Kaniyang templo at doon Siya rin ay pasalamatan sa bawat buhay at pagpapala.



# OUTREACH MISSIONS

## *Paghayo sa sanlibutan*

Para sa enbanghelyo, lilibutin ni Rev. Dr. William Sy at ng UCF ang iba't ibang probinsya at bayan sa Pilipinas, kasama na ang mga isla at kabundukan, dala ang pag-asang kay Hesu Kristo lamang matatagpuan.

Para din sa paghahayag ng Mabuting Balita ay kakasangkapin ang maraming programa ng panambahan upang abutin ng Salita ng Diyos ang mga nawawalang tupa, mabuksang muli ang kanilang mga puso, at nang sa ganoon ay makabalik sila sa kawan ng ating Panginoon.

## Pagpapalaganap ng Mabuting Balita

**Katulad ng lagi niyang patotoo, mainit si Rev. Dr. Sy pagdating sa pagsasagawa ng mga misyon at krusada upang siguraduhing maraming lugar at maraming mga puso ang mataniman ng Salita ng Diyos. Sa kabila ng mga banta ng panganib ay hindi patitinag ang lingkod ng Diyos.**



1987



1989 | ORIENTAL MINDORO



1990



1992


*Hangga't may tumatanggap ng ebanghelyo ay matiyagang nangangaral si Rev. Dr. Sy sa iba't ibang pamamaraan.*



**Mula sa bata hanggang matatanda ay tinitiyak na inaalalayan sa kanilang paglapit sa ating Diyos. Sa tuwinang paghayo ay nadaragdag din sa kaharian ng Panginoon ang mga kaluluwang Kaniyang kinasumpungan.**



Sa lahat ng pagkakataon ay nagpapahayag ng ebanghelyo nasaan man naroon ang Kaniyang lingkod. Walang pinipiling oras o lugar ang Mabuting Balita na si Hesu Kristo ang siyang natatanging daan sa Ama. Hangga't may mga taong hinihipo ang Diyos upang makinig at tumanggap ay patuloy lamang si Rev. Dr. Sy sa paghayo.



1994 | ORIENTAL MINDORO



1994 | PANUKULAN, QUEZON

2002 | ORIENTAL MINDORO

> “
> *When you come to ministry, you should be looking for the works of the Lord, not comfort.*
>
> ***Rev. Dr. William Sy***
> ***2023***



2006 | PUERTO GALERA



Mula sa iilang kasamahan ay dumaragdag noon ang mga manggagawang nais ring makiisa at sumunod sa pinapagawa ng Diyos. Ngunit katulad ng patotoo ni Rev. Dr. Sy, ang ilan sa kanila ay iniwan din siya sa kasagsagan ng gawain, sa kabila ng malinaw na direksyon na ibinigay ng Diyos.



Inakyat ang matatarik na bundok, tinawid ang malalayong isla, tinahak ang mga delikadong daan at dinayo ang mga ilang na lugar bitbit ang iba't ibang pagpapalang pagkain, damit, kasangkapan at mga Bibliya na ang Diyos din ang nagbigay bilang biyaya.



2011 | IFUGAO





> *If you will always remember your Lord and if you will always put God first, even in your work, you are going to share the gospel. You will find yourself introducing Jesus Christ as your Lord anywhere you go.*
>
> ***Rev. Dr. William Sy***
> ***UCF Head Pastor | 2023***



2017 | BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

2017 | ALIBOG, OCCIDENTAL MINDORO



2018 | ALABAT, QUEZON PROVINCE



Sa katapatan at pagsu-suplay ng Diyos, ang mga manggagawang lumisan ay pinalitan din ng Panginoon. Hindi Niya hinayaang matigil ang gawain bagkus ay lalo Niya itong pinalawak. Ngayon ay mas maraming serbisyo na ang naibahagi ng UCF sa malalayong lugar.



2018 | ALABAT, QUEZON PROVINCE

Bukod sa paghahanap ng mga nawawala at naliligaw na mga tupa, naging puso rin ng panambahan na tumulong sa ibang mga panambahang mayroong iisang layunin, at iyon ay ang ihayag na si Hesu Kristo ang tanging daan, buhay at katotohanan. Ang mga pagpapalang pagkain, gamot, Bibliya at mga instrumento ay ibinabahagi sa kapatiran.



2022 | CATANAUAN, QUEZON PROVINCE

> *We are preparing not only to meet the souls of people, but we are preparing to serve the people so that in return, people would realize we are giving because we are givers.*






2023 | CAGAYAN VALLEY

# MEDICAL-DENTAL-OPTICAL MISSION

## *Tulong medikal para sa ating kababayan*

Isa sa mga pangitaing ibinigay ng Diyos kay Rev. Dr. Sy ang makapagpatayo ng isang ospital kung saan ang mga pangangailangang medikal ng mga miyembro at manggagawa nito ay agarang matutugunan.

Bagama't malaki ang paghahandang dapat gawin ay nagsimulang kumilos at sumunod ang punong pastor sa ipinapagawa ng Diyos. Hindi pa man tuluyang nabubuo ang ospital sa kasalukuyan ngunit mahigit 27 medical outreach na ang naisagawa sa nakalipas na mga taon.

**Nagsimula ang mga medical outreach mission ng UCF kasama ang mga organisasyong minsang sinamahan ng punong pastor, hanggang sa dumating ang panahon na mismong UCF na ang nagpapasimula at nagpopondo ng mga ganitong gawain. Bagama't maraming preparasiyon, ngunit sa pabor at probisyon na nagmumula sa Diyos ay naging matagumpay ang mga gawain.**






1999 | PARAÑAQUE




2003 | PARAÑAQUE



2009 | PARAÑAQUE





Higit sa mga gamot at iba pang tulong medikal ay malaya ring ipinapangaral si Hesus sa mga benepisyaryo. Bitbit ang mga Bibliya at mga evangelism track, ginagamit ng mga manggagawa ang mga oportunidad na kaloob ng Diyos upang ipahayag ang dakilang pag-ibig ni Hesus.




2011 | CABUYAO, LAGUNA


Sa gawaing ito ay nagtitipon din ang mga anak ng Diyos upang makiisa sa mabubuting gawa na ibinigay bilang inspirasyon ng Panginoon kay Rev. Dr. Sy. Bago pa man sumikat ang araw ay tulong-tulong na sa paghahanda ang lahat ng mga boluntaryo at manggagawa. Sila ay naka-estasyon upang masiguro ang maayos na daloy ng tao at mabilis na serbisyo.



2013 | PARAÑAQUE



Mula sa simpleng medical check-up ay nagdagsaan na ang mga serbisyong kaloob ng UCF. Nagkaroon na rin ng libreng bunot ng ngipin, eye check-up, at sa salamin sa mata. Parami rin nang parami ang mga boluntaryong doktor na nais tumulong at magbigay lunas sa mga may sakit.
















2018 | PARAÑAQUE CITY

Sa kabila ng mga tulong na handog ng UCF, paalala pa rin ng panambahan na mas higit na umasa sa Diyos na Siyang dakilang manggagamot. Ang lunas sa katawan ay maaaring panandalian, ngunit panghabambuhay naman ang pangakong kaloob ng Diyos para sa bawat isang naniniwala at sa nanampalataya sa Kaniya.



2018 | PARAÑAQUE CITY

Nagbigay ng mga libreng gamot at lunas ang panambahan na makatutulong sa kanilang mga karamdaman.




Ang bawat miyembro at manggagawa ay sama-samang naging kabahagi ng medical mission sa Mt. Tabor. Higit sa 500 ang matagumpay na naging benepisyaryo ng gawain.

2023 | CABUYAO, LAGUNA



2024 | CABUYAO, LAGUNA

# PAMASKONG HANDOG

## *Pagtulong kalakip ng ebanghelyo*

Kasabay sa pag-alala at pagdiriwang ng kapanganakan at buhay ni Hesus kay ang inspirasyon na kaloob ng Panginoon kay Rev. Dr. William Sy na ibahagi ang pag-ibig ng Diyos Ama sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagpapala at pagpapalaganap ng ebanghelyo. Sa ganitong paraan ay naipapakita ang tunay na kabuluhan ng pag-ibig sa katauhan ni Hesu Kristo.

**Samu't saring mga pagpapala ang inihatid sa mga napiling pamilya na bibiyayaan. Kasama na rito ay mga *grocery package*, mga Bibliya at ilang mga damit. Isa rin itong pagpapadama ng pag-ibig ng Diyos sa mga kapos at nangangailangan.**



1999 | PASIG CITY



2006 | PARAÑAQUE CITY



2013 | PARAÑAQUE CITY

*Sinuyod ng mga manggagawa ang halos bawat eskinita ng mga subdibisyon sa Parañaque upang humanap ng mga nararapat kalooban ng mga biyaya para sa pagdiriwang ng pasko.*



2013 | CABUYAO, LAGUNA

Katulad ng sinabi ng Bibliya, higit na pinagpala ang nagbigay kaya naman sa matagal na panahon ay lagi nang nasa puso ng UCF ang magbahagi ng mga biyaya tuwing kapaskuhan.


2015 | CABUYAO, LAGUNA


2015 | PARAÑAQUE CITY


2019 | TRECE MARTIRES, CAVITE

*Dahil sa munting mga regalong ito ay may masayang pagsasaluhan ang bawat pamilya.*



2021 | CABUYAO, LAGUNA

*Ang bawat regalong kaloob ay alaala rin na ang Diyos ay mabuti magpakailanpaman.*


2024 | CABUYAO, LAGUNA

**900+ TOTAL BENEFICIARIES**

# GIFT GIVING AND EDUCATION OUTREACH

## *Pagbibigay na mula sa puso*

Bilang isa sa mga ministeryo ng UCF, hangarin ng UCA na hubugin ang mga estudyante nito na maging kapaki-pakinabang na miyembro ng lipunan na laging handang mag-abot ng tulong, mga ilaw at asin na sumasalamin sa kadakilaan ni Hesus at sa mabuti at mapagmahal na Diyos.

**Panahon din ng kapaskuhan kung saan nagkakaisa ang pamilya ng UCA at UCF na pagpalain ang mga bata sa pampublikong paaralan kasama ang kanilang mga pamilya. Tiyak na kasisiyahan ng bawat makakatanggap ang mga pagkain na kanilang pagsasalu-saluhan sa kapaskuhan.**


1999 | PARAÑAQUE CITY


2005 | PARAÑAQUE CITY


2005 | PARAÑAQUE CITY

*Ang mga mag-aaral ng UCA ang personal na nag-abot ng mga regalo na kanilang inihanda.*


2010 | FOURTH ESTATE ELEMENTARY SCHOOL


2018 | PARAÑAQUE CITY

*Maging ang mga guro sa UCA ay kaisa sa pagbibigay.*

**1,200** TOTAL BENEFICIARIES

# HIT AND RUN

## *Pagdala ng pagpapala ng Diyos*

Sa kalaliman ng gabi ay binabayo ng pamilya ng UCF ang mga daan, kalye, parke at maging makikitid na eskinita upang maghanap ng mga taong tunay na nangangailangan ng tulong, pagpapala at higit sa lahat ng kalinga at pagmamahal ng Diyos. Dito, ang pag-asang tanging si Hesus ang nag-iisang Panginoon at Tagapagligtas ang naipapangaral. Sila din ay ipinapanalangin para sa kanilang ibayong proteksiyon sa kabila ng pananatili sa kalsada.

**Hindi man lubos-lubos ang natatamong pagpapala, ngunit mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay nag-abot ang mga anak ng Diyos ng mga biyayang pagkain at mga *evangelism track*. Sa paggabay ng Banal na Espiritu ay ipinapanalangin nila ang bawat isang nakasalamuha nila sa daan.**



2010 | NAIA, PASAY, MANILA



2012 | MALATE, MANILA

2013 | MALATE, MANILA



2015 | BEUNDIA, PASAY



2017 | PEDRO GIL, MANILA



2018 | MANILA

Nasa gitna man ng panganib ay pinili ng mga anak ng Diyos na lumabas, humayo at ihayag ang ebanghelyo. Dito ay binalot sila ng pag-iingat ng Diyos. Bitbit ang mainit na pagkaing inihanda nang may pagmamahal, ang UCF ay sinuyod ang Las Piñas, Pasay at Parañaque.





2020 | PARAÑAQUE CITY



2020 | MANILA & LAS PIÑAS

*Kasama ang mga sundalo, barangay tanod at iba pang mga frontliner ay ipinanalangin sila ng punong pastor sa paniniwalang si Hesus lamang ang kayang mag-ingat sa lahat.*



2021 | MANILA

*Taong 2021 nang muling tinahak ng UCF ang kalsada ng Kamaynilaan upang pagpalain ang mga tao.*

**2,400+ TOTAL BENEFICIARIES**

# CALAMITY OUTREACH

## *Pagtulong sa kabila ng sakuna*

Dahil sa natural na posisyon ng Pilipinas sa tabi ng Karagatang Pasipiko ay naging pasukan ito ng malalakas na bagyo na siya namang nagdulot ng pagbaha at pagkasira ng maraming halaman at ari-arian. Maraming pamilya ang lumubog sa baha at higit na naapektuhan. Kaya naman bilang binigyan ng inspirasyon ng Diyos upang tumulong at mangaral, ang UCF ay nakiisa sa pagpapadama na sila ay mahal ng Panginoon.

**Maging sa gitna ng ibang kalamidad tulad ng pag-aalboroto ng bulkan ay nariyan ang UCF upang umabot sa mga nasalanta at ipaalala sa kanila ang naging pag-iingat ng Diyos sa kanila. Tunay na sa presensiya ng Panginoon ay may kapanatagan.**





2013 | TYPHOON MARING



2020 | TAAL VOLCANO ASH FALL



*Bagamat pandemic ay sinuong ang mga baha at maging ang maputik na daan upang ang mga tao ay abutin.*

2013 | TYPHOON ULYSSES

# UCF-TV MEDIA NETWORK

## *Paghayag ng ebanghelyo sa buong mundo*

Kaakibat ng tawag ng Diyos sa panambahan ng UCF ang pagpapahayag ng Mabuting Balita ni Kristo, hindi lamang sa Pilipinas, kung hindi maging sa buong mundo. Dahil sa patuloy na pagsulong ng teknolohiya, ang mga tao mula sa maliliit hanggang sa malalaking dako ng iba't ibang mga bansa ay maaari nang maabutan ng ebanghelyo. At ang Banal na Espiritu Santo ang hihipo sa puso ng mga nawawalang tupa upang sila ay manumbalik sa Diyos at tanggapin si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ng kanilang mga buhay.

## UCF-TV Shows


### SIMULAIN NG UCF-TV

**Unang natanim sa puso ni Rev. Dr. Sy ang hangaring maibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng media noong siya ay nagtrabaho bilang isang reporter at broadcaster sa DZMM, DWRT, at Kapitulo Versiculo mula 1989 hanggang 1992. Ang kaniyang mga karanasan bilang isang reporter ay naging kagamit-gamit sa ministeryo ng UCF-TV na nagbunga ng samu't saring mga palabas at *videos* na nagsasabi ng kabutihan ng Diyos.**





*Bible Study on the Air*


*Reporter and Broadcaster*
ABS - CBN (DZMM) 1989 - 1991




















*Bago maging Voice of the Vision (VOV) noong 2013, ang unang newsletter ng UCF ay Visions in Action (VIA).*




## Voice of the Vision

### REPLEKSIYON NG KABUTIHAN NG DIYOS

**Ang Voice of the Vision (VOV) ay ang opisyal na *newsletter* ng UCF na naglalaman ng mga sulatin tungkol sa *updates* sa iba't ibang ministeryo ng panambahan. Ito ay sumasalamin at nagpapatunay sa katapatan ng Diyos sa panambahang Kaniyang tinatag at patuloy na ginagamit.**



# Online Broadcast

## PAG-ABOT SA BUONG MUNDO

Dahil sa paglaganap ng teknolohiya ay maraming naging kaparaanan upang ang Salita ng Diyos ay maipaabot saanmang sulok ng daigdig. Gamit ang kahit na anong *gadget* o *device* ay maaari nang makarinig ng mensahe ng Panginoon.












# Bible Study on the Air

Muling sumahimpapawid ang Bible Study on the Air noong kasagsagan ng *pandemic* kung kailan ang buong mundo ay nabalot ng panganib, takot at pangamba. Naging instrumento ito upang mapalaganap ang ebanghelyo gamit ang internet at upang sa gitna ng mga banta sa kalusugan ay magkaroon ng kapanatagan ang bawat isa sa katotohanang ang Diyos ay tapat at mabuti.




*Ang mga pastor ay masigasig na nagpahayag ng ebanghelyo sa utos at inspirasyon ng Diyos.*



# UNITED CHRISTIAN ACADEMY

## *Paglawak ng ministeryo ng Diyos*

Sunod-sunod na pangitain ang ibinigay ng Diyos kay Rev. Dr. Sy isang araw noong 1992. Makukulay na salamin mula sa apat na direksiyon ang lumipad patungo sa kaniyang harapan at pumorma ng hugis ng mga libro na mayroong iba't-ibang laki. Noong una ay inakalang Bible School ang ipinapagawa ng Diyos kay Rev. Dr. Sy. Taong 1997 nang maging malinaw ang ipinapagawang pang-akademikong paaralan sa Parañaque.

Sa bakanteng lupa ni Rev. Dr. Sy unang itinayo ang noo'y maliit lamang na paaralan na may iilang estudyante. Mahigit dalawang dekada bago tuluyang lumaki sa bilang ang UCA. Ngayon ay nakatindig na ito sa isang gusaling may apat na palapag.



1997 | OPENING OF CLASSES





**3,100 +** TOTAL GRADUATES FOR S.Y. 1997-2024

**870 +** TOTAL STUDENTS FOR S.Y. 2024-2025



BIBLE DAY

*Tuwing Bible Month ay ipinagdiriwang ang Bibliya bilang pangunahing pinagkukuhanan ng kaalaman patungkol kay Kristo.*



FRIENDSHIP DAY

*Nagkakaroon din ng Friendship Day na nagbibigay ng mensaheng si Hesus ang aking pinakamatalik na kaibigan.*

# Campus Ministry

## PINTO NG EBANGHELYO

**Sa loob ng halos tatlong dekada ay samu't saring programa na ang inilagak ng Diyos sa Kaniyang mga lingkod upang ang layunin ng UCA na makapag-akay ng mga kaluluwa sa paanan ng Diyos ay maisakatuparan. Kimkim sa puso na ang Panginoon ang tapat na magpapatubo ng mga binhing naitanim sa kanilang mga puso.**





**BIBLICAL THEATRICAL PLAYS**

*Ang mga kamang-manghang kwento sa Bibliya na nagpapakita sa mga himala at makapangyarihang paggamit ng Diyos ang isinasadula.*



**MEMORY VERSE DRILL**

*Mga bersikulo at Kapitulo sa Bibliya ang araw-araw na dinideklara ng mga bata.*



**CHAPEL SERVICE | FACE-TO-FACE**

*Face-to-face man o online ay nagbubukas ng oportunidad ang Diyos upang mabahagi ang katotohanan ni Hesus saanman sila sa mundo.*




**CHAPEL SERVICE | ONLINE**

# Retreat

## KAGALAKAN SA PANGINOON

Dinarayo ng UCA ang UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center upang doon ay magkaroon ng panahon ang mga bata na makilala ang buhay at nag-iisang Diyos. Sa loob ng ilang araw ay ginagamit nila ang kanilang oras sa pagtuklas sa mga kamangha-manghang gawa ng Panginoon.



RETREAT | S.Y. 2017-2018



S.Y. 2018-2019



S.Y. 2019-2020



S.Y. 2021-2022





S.Y. 2022-2023

Ang mga manggagawa ng panambahan ay kinakasangkapan ng Diyos upang ibahagi ang ginawa ng Diyos sa kanilang mga buhay.



S.Y. 2023-2024



S.Y. 2024-2025




ONLINE RETREAT | S.Y. 2020-2021

# CPD Seminars

## PAG-ABOT SA MGA GURO

Taong 2017 nang pagkalooban ng Philippine Regulatory Commission (PRC) ang UCA ng permit upang magsagawa ng mga *workshop*, *training* at *seminar* sa mga propesyunal na guro mula sa iba't ibang lugar sa bansa. Ito ang unang paaralan sa Parañaque na pinagkatiwalaang magsanay ng mga guro.



*Ang mga guro ay nagmula pa sa iba't ibang lungsod at probinsya at tumungo sa UCA para sa training.*







*Ilang buwan ang ginugol upang mabuo ang mga video lesson na tutulong at aabot sa mga mag-aaral saanmang bansa.*

# UCA Online


## EDUKASYONG AABOT SA MUNDO

Ang UCA Online ay naipanganak noong panahong maraming mga paaralan ang nagsasara nang dahil sa kalugiang dulot ng *pandemic*. Sa kabila ng hirap ng pamumuhay ay nagtulong ang lahat upang mabuo ang pinakamalawak na proyekto ng UCA.







# UCA COLLEGE OF ASIA

## *Paghubog para sa magandang kinabukasan*

Mula nang magbukas ng pinto ang UCA College of Asia (UCACOA) noong 2008 ay libo-libong mga iskolar na ang nabiyayaan ng pagkakataong makatanggap ng de-kalibreng *training* at pag-aaral na huhubog sa kanila upang maging mga propesyunal at eksperto sa kanilang mga larangang pinili.

## TWSP SCHOLARSHIP PROGRAMS

Mula sa pagsuporta ng iba't ibang ahensiya at politiko ay tuloy-tuloy ang mga oportunidad upang magamit ang UCACOA para sa ebanghelyo.




Mula sa mga iskolar at mag-aaral ay tumatawag ang Diyos ng mga susunod sa Kaniya nang may katapatan.

















**1,577 TWSP SCHOLARS**

# TATAK TESDA

## KATAGUMPAYANG BUNGA NG PABOR NG PANGINOON

**Sa buong Pilipinas ay dalawang magkasunod na taong hinirang ang UCACOA bilang TATAK TESDA *champion*, patunay ng de-kalidad na serbisyong pang-edukasyon.**



2014 | TATAK TESDA CHAMPION



2015 | TATAK TESDA CHAMPION

*Dahil sa pagkapanalong ito ng UCACOA kaya halos dalawang milyong halaga ng scholarship ang naibahagi sa maraming out-of-school youth at maging aspiring professional.*



2019 | CHED RQAT INSPECTION AND PERMIT GRANT

# CHED Opening

## PAGSASAKATUPARAN NG PANGITAIN

**Sa pagkakaloob ng Diyos ng CHED *Recognition* sa UCACOA ay nakumpleto ang mga haligi ng *educational ministry* ng UCF. Ngayon ay maisasakatuparan na ang minsang inilagay sa puso ng Kaniyang lingkod na mula sa programang ito ay uusbong ang mga susunod na *teacher-worker* ng UCF.**



2019



2024 | CHED INSPECTION AND RECOGNITION GRANT



2024

*Matapos ang dalawang beses na inspeksyon ng mga eksperto mula sa CHED ay natagpuan ang UCACOA na compliant sa pamantayan ng ahensiya.*



2024 | BTVTED STUDENTS

*Ngayong taon ay ating masasaksihan ang unang batch ng mga magsisipagtapos sa kursong Batsilyer sa Edukasyon (BTVTEd). Muli ay inaasahan ang higit pang pagkilos ng Diyos sa gawain ng UCACOA. Purihin ang Panginoon sa Kaniyang katapatan at pabor sa ministeryong ito!*

# MT. TABOR CHURCH RE-CREATION CENTER

## *Paghayo sa Ngalan ni Hesus*

Sa malawak na lupain ng Mt. Tabor ay isinilang ang maraming mga gawain at ministeryong magbibigay pag-asa sa ilang libong kaluluwa. Ang bawat tumatapak sa lugar ay nakararanas ng habag at awa ng Diyos. At sa pamamagitan nito ay maraming mga nawawalang tupa ang maririnig ang tawag ng Diyos sa kanilang mga buhay.

## House Visitation

### PAG-ABOT SA MGA NAWAWALANG TUPA

**Sinisinop na libutin ng mga manggagawa ang mga karatig bayan at barangay sa pag-asang ang mabuting Diyos ay masumpungan ang bawat taong makakarinig sa katotohanan ng Kaniyang Salita.**












## Bible Studies

### PAGHAHASIK NG BINHI

**Ang mga anak ng Diyos ay may tungkulin na humayo at maghayag ng kabutihan ng Panginoon sa mundo upang sa kanilang mga bibig ay kanilang mapapurihan at maidakila ang Diyos. At sa patuloy na paghahasik ng binhi, dalangin ng bawat isa na maraming mga nawawalang kaluluwa ang manumbalik sa Diyos.**



*Sa bawat Bible Study, ang mga dumadalo ay sama-samang pinapapurihan at pinasasalamatan ang Diyos sa Kaniyang pagmamahal para sa ating mga makasalanan.*



# Home Bible Church

## TAHANANG NAGBUKAS PARA SA SALITA NG DIYOS

Upang mas makilala pa ang Diyos ay maraming mga tahanan ang nagbukas ng kanilang pinto para sa Salita ng Diyos. Kasama ang kanilang mga mahal sa buhay ay sama-sama silang umaawit sa Diyos at nagninilay ng Kaniyang Salita.



2016 | HBC AT MT. TABOR

*Pami-pamilya ang mga dumadako sa Mt. Tabor upang makapakinig ng Salita ng Diyos sa HBC sa pangunguna ni Rev. Dr. James Sy.*



2023 | PUROK 1

*Ilang buwan matapos ang inagurasyon ng Mt. Tabor Church ay maraming mga naitayong HBC sa iba't ibang bahagi ng Laguna, Cavite, at Tagaytay City. Naging oportunidad ito upang mabahagian ng Salita ng Diyos ang kanilang mga pamilya.*



PUROK 6, BRGY. MABATO

PUROK 17, BRGY. DAPDAP EAST, BALAGBAG ARAW



PUROK 3, BRGY. CASILE



# Revival Services

## PAG-ALAY NG BUHAY

Sinasabi sa Bibliya na ang tawag ng Diyos sa bawat isa ay hindi nagbabago. Sa bawat panahon ng buhay ng isang Kristiyano ay mahalaga ang panunumbalik at pagsuko ng buhay sa Diyos.





# MUSIC CLINIC

## *Musikang papuri sa Panginoon*

Ang Music Clinic ay nabuo upang maitanim sa mga puso ng mga mag-aaral na ito na ang pag-awit, pagtugtog at pagsayaw ay mga espesyal na pamamaraan upang parangalan ang Diyos, at Siya ay purihin at sambahin.

Sa nakalipas na higit isang dekada ay ilang mga bata at magulang ang nahasa dahil sa programang ito.







*Mapa-musika, pagtugtog ng iba't ibang instrumento at pagsasayaw, ang lahat ng ito ay simulain sa pagtuklas ng mga ibinigay na talento sa atin ng Mabuting Diyos.*




*Ang pagpapahusay sa mga abilidad na ito ay isang pagpaparangal na magagamit sa Kaniyang ministeryo.*



# WATER BAPTISM

## *Hakbang at tanda ng pagsunod*


Sa maraming misyon at mga gawain ng panambahan ay laksa ring mga tao ang tumatanggap kay Hesu Kristo bilang kanilang personal na Diyos at Tagapagligtas. Sa ilog man, dagat o pool, walang atubiling isinasagawa ni Rev. Dr. William Sy ang pagbabawtismo sa tubig na siyang tanda ng kanilang unang hakbang ng pagsunod sa Diyos at pagtalikod sa kanilang lumang buhay.

Katulad ng mga anghel na nagdiriwang sa tuwing may bumabalik sa Panginoon, gayundin naman ang UCF na makapagbalik-sulit sa Diyos.

**Sa anomang pagkakataon o sitwasyon sa buhay, ang tawag ng Panginoon ay hindi matatalikuran ng mga tunay na nakaranas ng pag-ibig at habag ng Diyos. Ang bawtismo sa tubig ay tanda ng unang pagsunod sa kalooban ng Panginoon na kalakip ng isang desisyon ng bawat mananampalataya.**



1990 1992



1993 1994 1995 2003



2012 2016 2019



2023



2024



# Fellowship

Sinasabi sa Salita ng Diyos na tayong Kaniyang mga anak ay umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin. At bilang bahagi ng katawan ni Kristo, ang bawat isa ay masayang naipapakita ang kanilang pagmamahal sa Diyos at sa kapuwa.





1998




1999

# Sports Fest


## TAGISAN NG GALING

Ang magkaroon ng malusog na pangangatawan ay puhunan din ng mga anak ng Diyos sa kanilang mga buhay. Samu't saring mga palaro at aktibidad ang susubok sa lakas at kakayahan ng bawat isa. Kasama ang kapatiran ay tulong-tulong ang lahat upang makamit ang katagumpayan.






2004



2005



2006

Tuwing may palaro ay aktibong nakikilahok at nakikiisa ang mga taga-UCF.



2009

Suot ang kanilang mga uniporme ay buong lakas at gilas silang naglaro kasama ang kanilang mga grupo.



2010

2011



2011



2009

Walang pagsidlan ang saya ng kabataang sama-sama sa saya at galak. Mayroon mang maliit na kompetisyon, ngunit mas nangibabaw sa bawat isa ang pagmamahal para sa kanilang mga kapatid sa Panginoon.

# Bible Race

## PINAGBUKLOD NG SALITA NG DIYOS

Kasabay ng pagdiriwang ng Bible Month ay ang layuning muling pag-isahin ang kapatiran sa layuning bigyang pagpapahalaga ang Bibliya.



2015 Sampung taon na ang nakaraan nang unang ganapin ang Bible Race na inorganisa ng mga manggagawa upang pagbuklurin ang kapatiran.

2016 Tuwinang napupuno ng kagalakan ang mga kalahok dahil sa masasayang palaro.

2018

2017

2019 Dahil ginaganap ito tuwing Enero, ramdam ng lahat ang presko, sariwa at malamig na klima ng Mt. Tabor.

2021 Nakakasama din sa malaking pamilya ng UCF ang mga kamag-anak ng mga manggagawa at miyembro ng UCF.

2021

Sa ganitong mga programa ay hindi lamang nabibigyang halaga ang pagtatanim ng binhi ng Salita ng Diyos, ngunit nabibigyang oras din ang masayang pagsasama-sama ng mga anak ng Diyos.

Hindi na mabilang ang dami ng masasayang alaala sa nakalipas na sampung taon na pagsasagawa ng Bible Race, at sa bawat pagsasama ay higit na dumarami ang nagiging kabahagi ng pamilya ng UCF. Dito ay nararanasan ng mga lumahok ang mainit na pagtanggap ng kapatiran.




2022 Sa ganda ng lugar ay hindi alintana ang pagod sa pagbaba ng bukal at pag-akyat sa mga bundok.



2023 Ang mga bata ay sinlakas ng matatanda at ang matatandang kalahok naman ay kasingsigla ng mga bata.



2024 Handang makisaya ang lahat mula sa mga simpleng palaro hanggang sa nakakabusog na kainan.



2025 Sinisigurado ng panambahan na laging bago ang mga aktibidad at programa.



2025

Dalawang layunin ang natupad sa gawaing ito. Una ay mapagbuklod ang mga pamilya at kasapi ng panambahan. Ikalawa naman ay maitanim ang kahalagahan ng Salita ng Diyos.

# Family Gathering

Ang ministeryo ng UCF ay tunay na may pagpapahalaga sa pamilya, kadugo man o hindi. Bilang mga tinawag ng iisang Diyos, kapatid sa Panginoon ang turingan ng bawat isa at ang kagalakan mula sa Diyos ay kanilang tuwinang ibinabahagi.



## FAMILY GETAWAY




Maraming oras ng Family Getaway ang ginugugol upang patatagin ang pagsasama ng pamilya.

## FAMILY CAMP







Puno ng kagalakan at masasayang alaala ang mga pagsasama. Hindi mawawala ang nagkakaisang panalangin, pagpupuri at pagsamba sa Diyos.




2024

Sama-sama sa makabuluhang gawain at mga aktibidad ang mga anak ng Diyos.

Walang paglalagyan ang kagalakan ng mga anak ng Diyos sa masasayang palaro.

Tawanan at masasayang kuwento ang madalas na pumupuno sa lugar ng papuri.



FAMILY DATE NIGHT

2015 | PARAÑAQUE CITY

2022 | PARAÑAQUE CITY

2022

2024 | CABUYAO, LAGUNA

3,900+ TOTAL PARTICIPANTS

# Father's Day

## PAGKILALA SA MAGIGITING NA AMA

Sa pagpapagal, suporta at pagmamahal ng mga ama kung bakit patuloy na naitataguyod ang pamilya. Sa gawaing ito ay naitataas ang ngalan ni Hesus na Siyang kalakasan ng mga ama.




Bahagi na ng pagdiriwang ng pamilya ang Fathers' Day na napupuno ng presentasiyon, panalangin at nakakabusog na salu-salo.

# Mother's Day

## PAGPUPUGAY SA ATING MGA MAHAL NA INA

Hindi rin matatawaran ang dedikasyon, sakripisiyo at pagsisikap ng mga ina sa UCF. Kaya naman tuwing Mothers' Day ay binibigyan sila ng pagpapahalaga kasama ang kanilang mga anak sa UCF.




Kahit sa simpleng selebrasyon ay hindi matatawaran ang mga alaalang nabuo kasama ang kanilang pamilya at ng kapatiran.

# Tree Planting

Bilang tulong sa ministeryo ay nagtatanim din ng mga halaman na dahilan ng mas preskong klima at matabang lupa. Sa kasalukuyan, talamak na rito ang samu't saring mga puno at halaman na nakakatulong para sa kalaguan ng lugar na ito.




Mainit ang naging pagtanggap ng UCF sa mga lumahok ng tree planting dahil sa kanilang kooperasyon at dedikasyon.

# Swimming Fellowship

Taon-taon ay hindi naman nawawala ang nagtatampisaw ng kapatiran sa malinaw na karagatan. Mainit man ang panahon ngunit higit sa kanilang mga puso ang kagalakan sa pagsasama-sama ng kapatiran.




Tuwing swimming fellowship ay masayang pinagsasaluhan ang masasarap na pagkaing inihanda ng mga ina at ama sa UCF.

# Pastors' Appreciation Day

## KARANGALAN NG MGA LINGKOD

Dobleng pagkilala at pagpapagarangal ang ibinibigay sa mga mabubuti at tapat na mga manggagawa.



2021 | PARAÑAQUE CITY



2022 | PARAÑAQUE CITY

Pasasalamat at pagkilala ang kaloob ng kapatiran sa mga tapat na mga lingkod ng Diyos.



2023 | PARAÑAQUE CITY



2024 | STA. ROSA, LAGUNA

Kasama ang mga tuwirang nadaragdag sa pamilya ng UCF ay masayang mga alaala ang naiipon sa mga nakikilahok sa ganitong gawain.

# Christmas & New Year Celebration

Dama ang pag-ibig at pagkakaisa ng kapatiran sa bawat masasayang programa na inihanda tuwing pasko at bagong taon. Nakaukit din sa alaala ng lahat ang mga mapagpalang presentasyon.




Masasayang mga palaro ang kinagigiliwan ng bawat dumadalo sa espesyal na selebrasyong ito.

Pinaghahandaang tunay ang mga presentasyon na ipinapakita sa palagiang pag-e-ensayo.

# Bible Studies

## PAGLALIM SA SALITA NG DIYOS

Matapos tanggapin si Hesus bilang Diyos at Tagapagligtas ay sumasailalim sa iba't ibang pag-aaral ng Salita ng Diyos. Ito ay upang higit na matuklasan ang plano ng Diyos.


Ang buhay ng isang mananampalataya ay hindi natatapos sa pagtanggap kay Hesu Kristo. Higit ang pagpapatuloy sa pagsasaliksik ng dakilang plano ng Diyos para sa kanilang mga buhay. Purihin ang Panginoon sa buhay ng Kaniyang mga lingkod na gumagabay sa mga tupa sa kanilang lubos pang pagkilala sa Panginoon.



















Matiyagang nakikinig at nagtatanong ang mga anak ng Diyos sa mga usaping patungkol sa Bibliya.

## Leadership Training

**PAGHAHANDA PARA SA PAGLILINGKOD**


Ang magbigay ng oportunidad para sa kaalaman at kalaguan ng mga anak ng Diyos ang hangarin ng UCF sa pagbuo sa iba't ibang *training* at paghuhusay. Ito ay paghahanda para sa mas malaki pang paggamit ng Diyos sa buhay ng bawat isang nagdesisyong maglingkod sa Kaniya.




## Church Seminars




## In-depth Study




Mga paksang makatutulong sa kanilang kalaguan sa Diyos ang siyang tinututukan ng mga pastor.

# Retreats

## PAGHUBOG SA MGA MANGGAGAWA

Layunin ng panambahan na magkaroon ng oras ang mga mananampalataya upang pagbulay-bulayan ang Salita ng Diyos, magkaroon ng oras sa taimtim na pananalangin, at sariwain ang mga kuwento ng patotoo habang nakababad sa presensiya ng Diyos.













Dahil dinadaluhan ito ng mga manggagawa, mas malalim na pag-aaral ang ginagawa ng mga pastor.




Sa susunod na mga panahon ay inaasahang lalago ang mga binhing nahulog sa tapat na puso ng mga anak ng Diyos.

# Covenant Convention

## PAGTUGON SA TIPAN

Tunay na mabuti at tapat ang Diyos sa Kaniyang lingkod na si Rev. Dr. William Sy na siyang nagbahagi ng kaniyang tipan sa Diyos sa mga miyembro at manggagawa ng UCF. Dahil sa tipan ding ito kaya ang mga manggagawa ay nakararanas ng pagsama ng Diyos sa iba't ibang panahon at pagkakataon.
















Sa mga covenant convention ay nabubuo rin sa puso ng mga anak ng Diyos ang katapatan.

# Theological Seminary

## PAGTUKLAS SA KATOTOHANAN

Ang Salita ng Diyos ay nakapagpapabago ng buhay sino man ang makarinig nito. Bilang anak Niyang nakatanggap ng binhi ng pananampalataya ay hindi natatapos ang pagsasaliksik sa katotohanang nagbubukas ng oportunidad na matuklasan ang tawag ng Diyos sa atin.







*Naging makabuluhan ang naging pagsunod ni Rev. Dr. William Sy sa Diyos. Lumipas ang mga henerasiyon ay lumalim ang paglalakad ng mga nagdesisyong sumunod sa Panginoon dahil sa pagtugon ng Kaniyang sinugo.*




*Kailanman ay hindi masasayang ang mga natutunan ng bawat nagtapos ng yugto sa UCFTS. Ito ay kanilang bitbit sa kanilang puso na pundasiyon ng kanilang pananampalataya.*











Sa pagtuklas sa Salita ng Diyos ay tumitibay hindi lamang ang kaalaman bagkus ang pundasiyon ng katotohanan ng Kaniyang mga anak.













Ang bawat diskusiyon ay napupuno ng makabuluhang talakayin patungkol sa iba't ibang aralin sa Bibliya. Mga aral na magdadala sa kanilang pagkatuto sa karakter at plano ng Diyos sa buhay ng Kaniyang mga anak.



Matagumpay ang kanilang naging pagtatapos sa ilang taon ng kanilang malalim na pag-aaral sa Bibliya. Hindi dito natatapos ang kanilang pagkatuto bagkus ito ay kanilang maisasabuhay sa kanilang paglago.



# Church Involvement

## PAGPAPAGAMIT NG BUHAY PARA SA GAWAIN NG DIYOS

Ang Diyos na Siyang nagbigay ng buhay, kapasidad at talento sa bawat isa ang Siyang nararapat ding paglingkuran sa pamamagitan ng mga ito. Kaya naman ang Kaniyang mga anak na patuloy na sumusunod sa Kaniya ay ginagamit ng Diyos para sa iba't ibang gawaing magtatanghal ng Ngalan Niya.



### Band

*Sa pamamagitan ng pagtugtog ng samu't saring mga instrumento, sila ay nagiging katuwang para sa pag-alay ng papuri at pagsamba ng kongregasyon.*



*Ang pag-awit para sa Diyos ay tunay na isang pribilehiyo. Gamit ang boses na ipinagkaloob ng Diyos, ang Ngalan Niya ang Siya lamang naitataas ng Kaniyang mga anak.*

### Choir



### Dancers

*Ang pusong nagagalak at puno ng pagmamahal sa Diyos ay hindi napipigilan sa pag-indak upang Siya ay mapapurihan. Ang bawat sayaw ay handog sa ating Diyos na buhay.*



## Multimedia

*Gamit ang iba't ibang mga teknolohiya, ang Salita ng Diyos ay naipapahayag sa buong dako ng mundo at ang Diyos ay nailuluwalhati.*



## Ushering

*Ang malugod na pagbati, pananalangin at pagkumusta sa mga kaluluwang idinadako ng Diyos sa Kaniyang gawain ay oportunidad sa mga anak Niya.*



## Kitchen

*Ang paghahanda ng masasarap na mga pagkain para sa kapatiran ay nakalulugod ng puso. Ngunit ang Diyos pa rin ang nagbibigay ng kalakasan sa bawat isa.*




## Construction

*Sa patuloy na paglawak ng lupang ginagamit para sa gawain ng Diyos, ang mga manggagawa at boluntaryo ay tulong-tulong sa pagsasaayos at pagpapaganda ng Mt. Tabor.*




## Cleaning

*Upang mapanatiling maaliwalas ang kabuuan ng Mt. Tabor, buong puso at kagalakang nagkakaisa ang kapatiran sa paglilinis ng iba't ibang parte nito.*

# UCF MULTI-PURPOSE COOPERATIVE

## *Pagtugon sa pangunahing pangangailangan*




Ang layunin ng UCF Multi-purpose Cooperative (UCFMPC) ay mapagpala ang bawat isa sa pamamagitan ng pagtugon sa pangangailangan ng mga miyembro. Isa ito sa mga ministeryong siguradong gagamitin ng Panginoon upang sa loob ng pamilya ng Diyos ay madama ang Kaniyang pagpapala at kaginhawaan na Siya ang makakapagbigay. At sa iba pang pagkakataon ay makatulong pa ang panambahan sa pamamagitan ng UCFMPC na magbigay din ng kabuhayan na magsusustento sa mga miyembro at iba pang nating kapwa.










Republic of the Philippines
Office of the President
Cooperative Development Authority
Calamba Extension Office

CGS NO. REG-2015-[illegible]

**Certificate of Good Standing**

is conferred to

**United Christian Fellowship Multipurpose Cooperative**
**#91 Tagaytay-Caniubang Road, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna**

CIN : [illegible]

A Cooperative duly registered with this Authority under Registration No. **9520-1040000000036461** on **3/25/2015** for being compliant with all the requirements under Memorandum Circular No. 2011-16.

This Certificate is issued for **BIR Tax Exemption** purpose only upon request of said cooperative and shall be valid and effective **until April 30, 2016.**

Issued this **25th day of February, 2015** in the City of Calamba, Province of Laguna, Philippines.

...IO T. CASTILLO, Ph. D
... Charge, CDA

...ALVADOR V. VALEROSO
REGIONAL DIRECTOR

2015



2018

*Si Rev. Dr. James Sy ay nagbukas ng isang general assembly para sa mga nagnanais maging miyembro ng UCFMPC.*



2021

*Pinaliwanag din ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy at Sis. Nerissa Estrellado ang kahalagahan naman ng pagiging miyembro sa cooperatiba at sila ay mahikayat sa mas kapaki-pakinabang na pag-asenso.*

2025

UCF CENTER FOR CHILDREN

*Tahanang handang alagaan at palakihin ang mga bata na mayroong takot at pagmamahal sa Diyos.*

UCF Medical-Dental Outreach Ministry

*Ang UCF ay magtatayo ng isang medical center na magbibigay lunas sa mga taong may karamdaman.*

UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP CENTER FOR THE ELDERLY

*Isang lugar na handang tumalima sa mga nakatatanda at magbigay ng oras upang sila ay alagaan.*



*Future Ministries*







UNITED CHRISTIAN ACADEMY
The School that Cares for Your Future
DepED RECOGNIZED
TESDA ACCREDITED
FAPE CERTIFIED
GOVERNMENT PERMIT
UCA COLLEGE OF ASIA 2008
ONLINE • FACE-TO-FACE • ON-THE-GO
UCA ON-LINE
Distance Learning Digital Platform
ESC VOUCHER
for incoming Grade 7-10 Students from Private & Public School
SHS VOUCHER
for incoming Grade 11 Students from Public School
Scan to know more
ENROLL NOW
0917-100-7345
0918-985-1287
www.facebook.com/UCAPhilippines
www.ucaphil.online
College Course offering for A.Y. 2025-2026
BTVTEd
Bachelor of Technical-Vocational Teacher Education
Now accepting Freshmen, Transferees & Returnees
TESDA COURSES
Contact Center Services NC II
Computer Systems Servicing NC II
Broadband Installation NC II
Illustration NC II
Bookkeeping NC III
Visual Graphic Design NC III




JOIN US
SUNDAY Worship SERVICE
EVERY SUNDAY
9:00 AM AT UCF SANCTUARY, PARAÑAQUE CITY
3:00 PM AT UCF MT. TABOR CHURCH, CABUYAO, LAGUNA




Now Open for:
Day Tour
Church Activities
School Retreats
Company Gatherings
Team Buildings
Family Reunions
Training Seminars
Wedding Ceremonies
Debut
Other Events
UCF Mt. Tabor
CHURCH • RE-CREATION CENTER
For inquiries and reservations:
0917-305-4929 or 0965-551-4575
ucfmttabor@gmail.com
Where your Spirit Finds Rest




UCA COLLEGE OF ASIA
in partnership with
BICOL SARO PARTYLIST
Congressman Brian Yamsuan
FREE TESDA TRAINING
CONTACT CENTER SERVICES NC II
with Allowance
REGISTER NOW
Requirements:
- 18 years old and above
- At least High School graduate
- PSA Birth Certificate
- Diploma/Certificate (from previous school)
VISIT OUR CAMPUS
17 Highlight St., Fourth Estate Subd. San Antonio, Parañaque City
Call or text:
0992-735-6343




UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP
MISYON 2025
APRIL 29-30, MAY 1
QUEZON PROVINCE




UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP
FAMILY CAMP
Let your light shine
MATTHEW 5:16
APRIL 19-20, 2025
UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center